| MATATAG K to 10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | Visit DepEdResources.com for More | Baitang: | 4 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | GMRC |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | OCTOBER 7 - 11, 2024 (WEEK 2) | Markahan at Linggo: | Ikalawang Markahan |

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagtupad sa mga gawain sa pamilya nang may kahusayan. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga gawain sa pamilya nang may kahusayan bilang tanda ng pagiging matiyaga. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay ng pagiging matiyaga sa pamamagitan ng palagiang paggawa ng mga gawaing bukas sa mungkahi ng miyembro ng pamilya.<br>*a. Nakapaglalarawan ng mga aktibidad/pagkilos sa pamilya na kailangang gawin nang may kalidad.*<br>*b. Naipaliliwanag na ang pagtupad sa mga gawain ay nakapagpapaunlad ng sarili at ugnayan sa pamilya.*<br>*c. Nailalapat ang mga gawain sa pamilya na kailangang gawin nang may kalidad.* |
| **D. Nilalaman** | Pamilya bilang Pinagmumulan nang Maayos na Komunikasyon sa Kapuwa<br>*1. Kahulugan ng Pamilya*<br>*2. Mga Tungkulin ng bawat Miyembro ng Pamilya*<br>*3. Mga Gawain sa Tahanan na Kailangan Gawin nang may Kalidad*<br>*4. Mga Paraan upang Makatupad sa Gawain o Tungkulin sa Pamilya nang may Kahusayan* |
| **E. Lililanging Pagpapahalaga** | Matiyaga (Perseverance) |
| **F. Integrasyon** | Kahalagahan ng Pagtupad sa Tungkulin<br>Kahalagahan ng Tungkulin ng Pamilya - Araling Panlipunan |

**II. Batayang Sanggunian sa Pagkatuto**



- Ano ang Pamilya. (n.d.). Nakuha mula sa https://www.sanaysay.ph/ano-ang-pamilya/#Ano_ang_pamilya
- Ano ang Pamilya. (n.d.). Nakuha mula sa https://gabay.ph/ano-ang-pamilya/
- Del Castillo, F. A. (2013). *Teaching Values Using Creative Strategies.* Great Books Publishing.
- Mga gawain sa pamilya na kailangang gawin nang may kalidad. (2023). Nakuha mula sa https://ourhappyschool.com/Mga-gawain-sa- pamilya-na-kailangang-gawin-nang-may-kalidad
- Tan, E. L. (1989). *The Clarification and Integration of Values.* Dorokelsa Enterprise.

Images from:

- 7XyZUB3fbfoFCM. (n.d.). Retrieved from Google Images.(https://www.google.com/search?q=pamilyang+nagtutulungan&tbm=isch&ved=2ahUKEwiggfauiv-BAxVDsVYBHScrDDAQ2-cCegQIABAA&oq=pamilyang+&gs_lcp=CgNpbWcQARgBMgcIABCKBRBDMgcIABCKBRBDMgcIABCKBRBDMgUIABCABDIFCAAQgAQyBwgAEIoFEEMyBQgAEIAEMgUIABCABDIFCAAQgAQyBwgAEIoFEEM6CQgAEBgQgAQQCjoECAAQHjoICAAQgAQQsQM6CwgAEIAEELEDEIMBOg0IABCKBRCxAxCDARBDOggIABCxAxCDAVCxCFihRGCLjQFoAnAAeAGAAZACiAGDIJIBBjAuMjguMZgBAKABAaoBC2d3cy13aXotaW1nwAEB&sc

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA sa GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**Panimulang Gawain**<br>**Pagbabalik-tanaw sa mga natutuhan: Pag-alala sa nakaraang aralin. Simulan ang bagong aralin sa pamamagitan ng mga gawaing ito:**<br>***PICTURE FRAME.*** Naglalayon itong mapadali ang kolaboratibong pag-aaral sa silid- aralan sa pamamagitan ng pag-organisa ng mga mag-aaral sa iba't ibang *frame* o grupo para sa mga tiyak na gawain. Ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag- aaral na magbahagi ng ideya at magkaroon pa nang mas malalim na pag-unawa sa paksa.<br>Hatiin ang mga mag-aaral sa tatlong pangkat. Ang bawat grupo ay bibigyan ng isang tanong o sitwasyon at ito ay kanilang sasagutin sa pamamagitan ng paglalarawan gamit ang *picture frame*. Bawat grupo ay pipili ng isang kinatawan upang ipaliwanag ang kanilang *picture frame* sa klase.<br>*Pangkat 1: Ano-ano ang mga uri ng mga talento o kakayahan?*<br>*Pangkat 2: Bakit kinakailangan ang gabay ng magulang o pamilya sa paghubog ng iyong hilig, talento, at kakayahan?* | Ang mga sumusunod na mga gawain ay makatutulong na balikan muli ng mga mag-aaral ang nakaraang aralin. Makatutulong ito sa kanila upang makita nila ang halaga ng pagkilala sa kanilang sarili, paghubog sa kanilang tiwala sa sarili sa natuklasang talento, at kung paano nila ito mapapaunlad nang may gabay ng pamilya. |

| | | |
|---|---|---|
| | *Pangkat 3: Paano mo mapapaunlad ang iyong hilig, talento, at kakayahan sa tulong ng iyong pamilya?*<br><br>**LAKAS O HINA:** Isulat ang titik **L** kung ang pahayag ng magulang o pamilya ay nagpapalakas ng tiwala sa sarili at titik **H** kung ito ay nagpapahina.<br><br>_________ 1. Anak, kahanga-hanga ang iyong likhang-sining!<br>_________ 2. Sayang lang ang oras mo diyan!<br>_________ 3. Nandito kami palagi para sumuporta sa iyong pagmamahal sa pagkanta.<br>_________ 4. Lubos kaming masaya sa iyong talento sa musika!<br>_________ 5. Mas mabuti kung titigil ka na sa pag-awit.<br>_________ 6. Naniniwala kami sa iyong talento sa pagluluto.<br>_________ 7. Ipagpatuloy mo lang ang iyong hilig sa pagtakbo.<br>_________ 8. Alam namin na malayo ang mararating mo sa iyong pagsusulat!<br>_________ 9. Huwag ka nang sumali sa *swimming club* dahil hindi ka naman papasa.<br>_________ 10. Susuportahan ka namin sa iyong laro, manalo man o matalo! | Tamang sagot:<br>1. L<br>2. H<br>3. L<br>4. L<br>5. H<br>6. L<br>7. L<br>8. L<br>9. H<br>10. L |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **Panghikayat na Gawain**<br>Sasagutin ng mga mag-aaral ang sumusunod na tanong na may patnubay ng guro.<br>*1. Sino-sino ang mga kasama mo sa tahanan?*<br>*2. Ano-ano ang mga hilig na gawin ng inyong pamilya nang sama-sama?*<br>*3. Ano-ano ang mga pagtulong na ginagawa mo sa loob ng tahanan?*<br><br>**SURI-LARAWAN.** Tingnan ang mga larawan at suriin ito. Isulat sa patlang kung ano ang mga nakita sa bawat larawan. Ibahagi sa klase ang iyong nakitang mensahe o kaisipan. | Inaasahan sa puntong ito na mailalarawan ng mag-aaral ang mga aktibidad o mga gawain ng pamilya. |

| | | |
|---|---|---|
|  | | |
|  | | |
|  | | |



**Pagsusuri**

1. *Ano-ano ang mga mensahe ng larawan?*
2. *Alin sa mga nasa larawan ang ginagawa din ng iyong pamilya? Ibahagi.*
3. *Ano ang iyong nararamdaman sa tuwing nagagawa ito ng iyong pamilya? Bakit?*

Sa puntong ito, ipapaliwanag ng guro ang kahalagahan ng magiging aralin at ang mga tiyak na layunin. Maaaring hikayatin ng guro ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang mga bagong natutuhan.

**C. Paglinang at Pagpapalalim**

**IKALAWANG ARAW**

**TALAAN-TUNGKULIN:** Gumawa ng talaan ng mga gawain o tungkulin ng bawat miyembro ng iyong pamilya. Tukuyin kung sila ba ay tatay, nanay, kuya, ate, o iba pang kasapi ng pamilya. Isulat ito sa kahon kasama ang kani-kanilang tungkulin o gawain sa inyong tahanan.

| | |
|---|---|
| Pangalan: ____________________<br>Mga Gawain at Tungkulin:<br>1.<br>2.<br>3. | Pangalan: ____________________<br>Mga Gawain at Tungkulin:<br>1.<br>2.<br>3. |
| Pangalan: ____________________<br>Mga Gawain at Tungkulin: | Ako: ____________________<br>Mga Gawain at Tungkulin: |

Ang mga gawain sa bahaging ito ay makakatulong na maipaliwanag na ang pagtupad sa mga gawain ay nakapagpapaunlad ng sarili at ugnayan sa pamilya. Maipapaliwanag sa bahaging ito ang mga pangunahing konsepto at kaisipan na dapat maunawaan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng masusing talakayan at pagsusuri

| | |
|---|---|
| 1.<br>2.<br>3. | 1.<br>2.<br>3. |

**Pagsusuri**

1. *Ano ang napansin mo sa mga gawain o tungkulin ng iyong pamilya?*
2. *Masaya ka ba sa mga gawain o tungkulin na isinasagawa mo sa iyong pamilya? Bakit oo? Bakit hindi?*
3. *Ano ang epekto kung nagagawa ng bawat isa ang kanilang mga tungkulin sa pamilya?*
4. *Ano naman ang epekto kung hindi nagagawa ng bawat isa ang kanilang mga tungkulin?*
5. *Ano-ano ang mga paraan na maaaring isagawa sa pamilya upang matiyak na nagagawa ng bawat isa nang mahusay ang kanilang mga tungkulin?*

**UNAWAIN NATIN**. Sa bahaging ito ay magkakaroon ng pagtatalakay ng mga konseptong kaugnay ng aralin.

**Kahalagahan ng Pamilya**

Ang pamilya ay mahalagang pangkat sa lipunan. Dito tayo natututo ng maraming bagay. Sila rin ang nagsisilbi nating gabay sa buhay. Sa nakaraang aralin, natutuhan natin na mahalaga ang pamilya sa pagpapaunlad ng sarili. Ang ating mga magulang at kapatid ang tumutulong sa atin at sumusuporta sa lahat ng ating gawain. Ang pagmamahalan ay mahalagang sangkap sa pagpapatibay ng samahan sa pamilya.

**Mga Tungkulin ng Bawat Kasapi ng Pamilya**

Bawat kasama ng pamilya ay may mahalagang gawain o tungkulin na ginagawa sa pamilya. Ito ay pagpapakita ng pagmamahal at pagtulong sa pamilya. Narito ang ilan sa mga tungkulin ng bawat kasapi ng pamilya:

***1. Magulang.*** *Ang mga magulang ay may pangunahing responsibilidad na itaguyod ang pamilya. Sila ang nagbibigay ng ating pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain, tirahan, at edukasyon. Sila rin ang nagpapanatili ng ating kaligtasan at pagmamahalan sa loob ng pamilya. Nagsisilbing guro ang mga magulang dahil sila ang nagtuturo sa atin ng mga pangunahing kasanayan, pagpapahalaga, at nagsisilbi ring mabuting halimbawa.*

| | | |
|---|---|---|
| | ***2. Anak.*** *Ang mga anak ay may tungkulin na ipakita ang paggalang at pagsunod sa kanilang mga magulang. Inaasahan din na tumutulong sila sa mga gawaing- bahay at nag-aaral nang mabuti para sa kanilang magandang kinabukasan.*<br>***3.Kapatid.*** *Ang magkakapatid ay may tungkulin magpakita ng pagmamahalan at pagtutulungan sa bawat isa. Gampanin ng magkakapatid na itaguyod ang magandang samahan at ugnayan sa pamilya.*<br>***4. Lolo at Lola.*** *Ang mga lolo at lola ay nagsisilbing gabay sa pamilya. Maaaring sila ang nagiging tagapayo at tagapagbigay ng karunungan sa pamilya. Ang mga lolo at lola rin ay nagpapanatili ng mga tradisyon ng pamilya. May mga pagkakataon din na tumutulong sila sa pag-aalaga ng kanilang mga apo bilang suporta sa kanilang mga anak.*<br><br>**IKATLONG ARAW**<br><br>● **Mga Gawain sa Tahanan na Kailangan Gawin nang may Kahusayan**<br>Ang paggawa at pagtupad ng mga tungkulin sa pamilya nang may kalidad ay isang paraan upang magkaroon ng mas matagumpay at makabuluhan na buhay ang pagsasama ng pamilya. Sa pamamagitan nito, naituturo din sa mga bata ang pagkakaroon ng praktikal na karunungan o *life skills* na maaari nilang maging gabay habang sila ay lumalaki. Narito ang ilang mga aktibidad na kailangang gawin nang may kahusayan:<br>1. ***Pagluluto.*** *Mahalagang matutuhan ang tamang pamamaraan sa pagluluto. Ito ay nagbibigay ng kasiyahan at nagpapalakas ng pangmatagalang kalusugan ng pamilya.*<br>2. ***Paglilinis ng bahay.*** *Ang paglilinis ng bahay ay dapat matutuhan nang maayos. Ito ay nagdudulot ng malinis na kapaligiran at nagpapalakas ng disiplina at kaayusan sa loob ng tahanan.*<br>3. ***Pagtulong sa mga kapatid****. Ang pagtulong sa mga kapatid katulad ng paggawa ng takdang-aralin ay maaaring magdulot ng positibong epekto hindi* | |

| | | |
|---|---|---|
| | *lamang sa kanilang edukasyon kundi pati na rin sa samahan bilang pamilya. Ito ay isang paraan ng pagmamahal at suporta sa pagitan ng magkapatid.*<br>4. ***Pag-aalaga sa mga nakatatanda**. Mahalaga ang matiyagang pagbibigay ng aruga at pag-aalaga sa mga nakatatanda sa pamilya. Ito ay isang paraan ng pagpapakita ng ating pagmamahal. Ipinapakita natin na mahalaga sila at handa tayong magbigay ng oras at pansin sa kanila.*<br>5. ***Pagtulong sa komunidad**. Mahalagang ituro sa pamilya ang kahalagahan ng pakikilahok sa mga gawain o proyekto sa komunidad. Ito ay nagpapakita ng pagiging responsable at pag-aambag sa kapuwa.*<br><br>**Mga Paraan sa Pagtupad sa mga Gawain o Tungkulin sa Pamilya nang may Kahusayan**<br><br>Mahalaga ang pagganap ng bawat isa sa kanilang mga tungkulin sa pamilya. Kinakailangan maging mahusay ang bawat isa upang matiyak na maayos ang pamilya at mapanatili ang magandang ugnayan sa loob ng pamilya. Narito ang ilan sa mga paraan upang maisagawa ang mga gawain at tungkulin nang mahusay:<br><br>1. Magkaroon ng masusing pagpaplano ng mga gawain. Maaaring ilista ang mga gawain at kung sino ang kailangan gumawa nito upang mabigyan ng paalala ang bawat isa.<br>2. Maging mabuting halimbawa sa bawat isa. Ang mga kasapi ay dapat magpakita ng pagpapahalaga sa kanilang mga tungkulin sa pamamagitan ng pagiging matiyaga at masikap sa paggawa ng mga ito.<br>3. Isaisip na ang paggawa ng tungkulin ay paraan upang ikaw ay matuto. Ang mga ito ay nagsisilbing paghahanda mo sa mga hamon sa hinaharap.<br>4. Magpakita ng malasakit sa pamilya. Maaaring tulungan ang magulang o kapatid kung kinakailangan at kung nakikita mo na sila ay nahihirapan. Ito din ay pagpapakita ng pagmamahal sa kanila.<br>5. Magkaroon ng panahon na magsaya kasama ang pamilya. Mahalaga rin ang pahinga at ang paggawa ng mga bagay na ikinasisiya ng pamilya. Maaaring mamasyal o maglaro kasama sila. | |



**PAGSASADULA.** Hatiin ang mga mag-aaral sa limang pangkat. Bibigyan ang bawat pangkat ng mga sitwasyon na kanilang susuriin. Sa pamamagitan ng pagsasadula, bubuo sila ng kanilang tugon sa sitwasyon na nagpapakita ng pagiging responsableng kasapi ng pamilya.

| **Pangkat** | **Sitwasyon** |
|---|---|
| Pangkat1 | Kausap mo ang iyong kaklase sa telepono. Ang iyong nanay ay abala sa paglalaba ng mga damit. |
| Pangkat 2 | Araw ng Sabado at wala kang pasok sa paaralan. Kakatapos lang kumain ng iyong pamilya. |
| Pangkat 3 | Nakita mo na makalat ang inyong silid dahil naglaro ang iyong nakababatang kapatid. |
| Pangkat 4 | Ang iyong ama ay abala sa pagluluto ng hapunan. Humihingi ng tulong ang iyong bunsong kapatid para sa kaniyang takdang-aralin. Ikaw naman ay nanonood lamang ng telebisyon. |
| Pangkat 5 | Inaaya kang maglaro sa labas ng iyong mga kaibigan na matagal mo na hindi nakikita ngunit marami kang takdang-aralin na kailangang ipasa kinabukasan. |

**Rubrik para Pagsasadula**

| Pamantayan | Napakahusay (8-10) | Mahusay (6-7) | Katamtamang Husay (4-5) | Nangangaila-ngan ng Pagpapaunlad (1-3) |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| | | | | |
| ***Nilalaman*** | Malinaw na naipakita ang mga angkop na paraan sa pagtupad sa tungkulin. | Nakapagpakita ng mga angkop na paraan sa pagtupad sa tungkulin. | Nakapagpakita ng angkop na paraan sa pagtupad sa tungkulin ngunit hindi malinaw. | Kulang sa pagpapakita ng angkop na paraan sa pagtupad sa tungkulin. |
| ***Presentasyon*** | Mahusay at maayos ang presentas | Maayos ang presentasyon. | Nakapagtang-hal ng presentasyon | Hind maayos ang naging presentasyon. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | yon. | | ngunit kailangan ng pagsasaayos. | |
| ***Kooperasyon*** | Ang lahat ng kasapi ay tumulong sa pagsasagawa ng presentasyon. | Ang lahat ng kasapi ay tumulong sa pagsasagawa ng presentasyon ngunit may 1 hanggang 2 na hindi nakiisa. | Ang lahat ng kasapi ay tumulong sa pagsasagawa ng presentasyon ngunit may 3 hanggang 4 na hindi nakiisa. | Kulang sa kooperasyon ang mga miyembro ng pangkat. |

| | |
|---|---|
|  | |
|  | |
|  | |

**D. Paglalahat**

**IKAAPAT NA ARAW**

**Pabaong Pagkatuto**. Isulat sa kahon ang mga aktibidad na maaari mong gawin sa pamilya nang may kalidad o kahusayan.

| **Mga Kasapi ng Pamilya** | **Mga Aktibidad na Maaari kong Gawin nang may Kahusayan Kasama ang aking Pamilya** |
| --- | --- |
| Nanay at Tatay | 1.<br>2.<br>3. |
| Lolo at Lola | 1.<br>2.<br>3. |
| Mga Kapatid | 1.<br>2.<br>3. |

Ang mga nakapaloob na gawain ay makakatulong sa pagpapalawak ng pag- unawa. Dito nasusukat ang kaalamang natutuhan ng mga mag-aaral.

| | |
|---|---|
| <br>Kamag-anak | 1.<br>2.<br>3. |

**Pagninilay.**

Gumawa ng talaan o *journal* ng mga kahalagahan na natutuhan mo. Ito ay magbibigay- daan sa iyo na balikan ang mga repleksiyon mo sa hinaharap. Maaaring gamitin ang mga tanong na ito bilang gabay ng pagsusulat ng *journal*. Maaaring ibahagi ito sa klase.

- *Ano ang iyong natutunan ukol sa iyong mga tungkulin sa pamilya?*
- *Ano ang iyong nararamdaman tuwing nagagampanan mo ang mga ito?*
- *Ano ang iyong gagawin upang mapaunlad mo ang iyong pagiging responsableng kasapi ng pamilya?*

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **TAMA O MALI.**<br>Isulat sa patlang ang **Tama** kung ang pahayag ay tama at nagpapakita ng mahusay na pagganap sa tungkulin sa pamilya at **Mali** naman kung hindi.<br><br>________ 1. Ang pagkakaroon ng mga listahan ng gawain ay makakatulong upang matiyak na magagawa ang mga ito.<br>________ 2. Maaari nating mapabuti ang ugnayan sa pamilya sa pamamagitan ng pagpapakita ng malasakit at pagtulong sa pamilya.<br>________ 3. Kung nahihirapan sa gawain, ihinto ito at ipasa sa magulang o kapatid.<br>________ 4. Ang mga gawaing-bahay ay dapat ginagawa lamang ng magulang. | Sagot:<br>1. Tama<br>2. Tama<br>3. Mali<br>4. Mali<br>5. Tama<br><br>Ang mga gawaing nakapaloob dito ay makakatulong sa mga mag-aaral na lubusang maunawaan ang layunin ng aralin na ito. Dito maisasagawa ng mga mag- aaral ang paglalapat ng kanilang mga |

__________ 5. Ang bunsong anak ay dapat din maging mabuting halimbawa sa kaniyang mga kapatid.

**B. MAPA NG KONSEPTO.**
Gumawa ng mapa ng konsepto kung bakit dapat ipatupad ang mga tungkulin ng pamilya nang may kahusayan. Ibigay ang sanhi o dahilan at epekto (resulta o bunga) nito ayon sa naintindihan mo sa araling ito.

Pagganap sa Tungkulin bilang Kasapi ng Pamilya

SANHI (Dahilan o Rason)

Halimbawa: Lilinisin ko ng mabuti aking silid.

1.
2.
3.

EPEKTO (Resulta o Bunga)

Halimbawa: Makakatulong ako sa ang pagpapanatili ng kalinisan ng aming tahanan.

1.
2.
3.

**PSP.**

Kaya mo bang ibigay ang **P**ositibong **S**uporta at **P**agbabahagi para sa iyong pamilya? Ano ang maiaambag mo? Gumawa ng sariling talaan ng mga gawain mula Lunes hanggang Linggo. Hilingin ang magulang na magbigay ng kanilang mga puna o komento at pirmahan ito.

| Araw | Talaan ng Aking mga Gawain para sa aking Pamilya | Puna o Komento at Lagda ng Magulang |
|---|---|---|

gawain sa pamilya nang may kalidad bilang tanda ng kanilang pagiging maging masipag.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Lunes | | Puna:<br><br>Lagda: | |
| | Martes | | Puna:<br><br>Lagda: | |
| | Miyerkules | | Puna:<br><br>Lagda: | |
| | Huwebes | | Puna:<br><br>Lagda: | |
| | Biyernes | | Puna:<br><br>Lagda: | |
| | Sabado | | Puna:<br><br>Lagda: | |
| | Linggo | | Puna:<br><br>Lagda: | |
| | Pangalan at Lagda ng Mag-aaral: | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | *Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.* | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anumang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin.<br>Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo. |
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging sa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | Gabay sa Pagninilay:<br><br>● **<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>**<br>- *Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>- *Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>● **<u>Mag-aaral</u>**<br>- *Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>- *Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>● **<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>**<br>- *Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>- *Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |